

## Bakit Itim ang Uwak?

Noong unang panahon, ang mundo ay pinamumunuan ni Apung Sinukwan. Ang tanging nilalang na namumuhay ay mga hayop at halaman. Kabilang na dito ang dalawang napakagandang ibon na may magandang tinig.

Puno ng ginto ang kaharian ni Apung Sinukwan. Dito, malayang nakakalipad ang dalawang uwak. Masaya silang kumakanta habang palipat-palipat sa mga bulaklak at puno. Dahil nakikita nila ang buong kaharian mula sa itaas, inutusan sila ni Apung Sinukwan na bantayan ang kaharian at magbabala sa anumang panganib na maaaring dumating.



Isang araw, sinalakay ng isang higanteng dragon ang kaharian. Takot na takot at litong-lito ang mga hayop. Hindi nila alam kung saan sila magtatago. Nagbuga ito ng apoy at walang-tigil na inihampas ang buntot sa mga hayop. Walang natira sa mga hayop maliban sa dalawang uwak na noo'y namamasyal pala kaya wala sa kaharian.

Dumating si Apung Sinukwan at nakita ang napakalungkot na sinapit ng kaniyang nasasa-

kupan. Inikot niya ang buong kaharian. Hinanap niya ang dalawang uwak. Akala niya, kasama sila sa mga namatay.

Nagulat siya nang makitang paparating ang dalawang uwak na galing sa kabilang dako ng kaharian.

“Saan kayo galing?” tanong ni Apung Sinukwan. Hindi makasagot ang mga uwak.

“Hindi ba’t kayo ang tagabantay ng kaharian? Bakit hindi kayo nagbabala sa pagdating ng higanteng dragon?” sunod-sunod ang tanong ni Apung Sinukwan.

“Patawad po. Labis po kaming nalibang sa paglipad. Hindi po namin namalayang malayo na kami,” umiiyak ang dalawang uwak.

“Dahil nagpabaya kayo, maraming nasira at namatay. Kung ginawa n’yo lang ang inyong tungkulin, hindi na sana nangyari ito. Simula ngayon, mawawala ang inyong ganda at matamis na tinig. Magiging garalgal ang inyong boses,” buong panghihinayang na sabi ni Apung Sinukwan.

Ito ang dahilan kung bakit di-  
maganda ang boses ng  
mga uwak.

